LALAWIGAN NG

SAN DIEGO

PROGRAMA NG PANGANGALAGA SA WATERSHED

Paggawa ng Kompost at Pamamahala ng Pataba

Bakit Dapat Gamitin ang Dumi ng Hayop Bilang Kompost?

Sa karaniwan, ang kabayo ay maaaring gumawa ng 50 libra ng dumi sa araw-araw—iyon ay 2 tonelada kada taon! Kung ang pamamahala ng mga imburnal sa mga lugar sa lungsod ay susi sa kalusugan ng tao, ang pamamahala ng dumi ng kabayo ay mahalaga naman sa kalusugan ng kabayo.

Ang dalawang paraan ng pamamahala ng dumi ng hayop ay kinabibilangan ng paglalagay nito nang direkta sa landscape o pagpapahakot nito. Gayunpaman, gamit ang kaunting oras at enerhiya, maaaring gawing mahusay na kapaki-pakinabang na produkto ang dumi ng hayop na maaaring magpataba sa anumang hardin o landscape.

Mga Benepisyo ng Paggamit ng Dumi ng Kabayo Bilang Kompost

- Naaalis ang pamugaran ng mga langaw.
- Namamatay ang mga mapanganib na mga parasite (tulad ng itlog ng bulate), bakterya, at mga buto ng panirang-damo.
- Napapababa ang dami ng raw materials sa kalahati.
- Naaalis ang mabahong amoy.
- Masasabing mura at simple lang gawin.
- Nakakagawa ng panghuling produkto na isang pambihirang panghalo sa lupa at pataba na maaaring gamitin sa mga hardin, pastulan at sa landscape.
- Nakakapagpababa ng posibilidad na makalabas ang kontaminadong tubig mula sa kung nasaan ang kabayo.

maaari nating pangalagaan ang ating mga daanan ng tubig

sa kaunting hakbang lang.

! Ang tubig na pinapakawala sa mga kalsada, gutter, at mga kanal sa Lalawigan ng San Diego ay hindi pa nalinis bago ito makarating sa ating mga lokal na sapa, ilog, at sa karagatan. Ang lahat ng pinagmumulan ng polusyon ay pinagbabawalang makaalis sa inyong pag-aari at mapunta sa mga kalsada o kanal. Tubig-ulan lang ang pinapayagan sa mga kalsada at mga kanal.

Tumulong na pangalagaan ang ating mga daanan ng tubig sa pamamagitan ng pagkompost ng dumi ng kabayo. Ang mga tip na ibinigay sa likod ay makakatulong sa inyo kapag kailangan.

mas marami pang tip > > >

salamat sa pagggawa ng inyong bahagi para pangalagaan ang ating mga daanan ng tubig.

Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego 1-888-846-0800
watersheds@sdcounty.ca.gov | www.sandiegocounty.gov/stormwater

MARSO 2023

Paggawa ng Kompost at Pamamahala ng Pataba

Mga Mungkahi para sa Matagumpay na Pagkokompost

Mga Lalagyan

- Isang 5′ x 5′ x 5′ na lalagyan kada kabayo.
- Kapag napuno ng dumi ng kabayo ang higit sa anim na lalagyan, maaari ninyong pag-isipang gawin ang sistemang windrow sa paggawa ng kompost.

Pagtatakip

- Takpan ang tambak para mapanatili itong mamasa-masa, at para maiwasan ang pagkontamina ng tubig na dumadaloy kapag umuulan.

Tambakan

- Pinakamainam ang tambakan na may sukat na 4′ x 4′ x 4′ para maabot ang mga temperatura sa pagkokompost.
- Dapat na dalawang beses ng taas ng tambakan ang lapad ng base nito.

Lugar

- Ilagay ang (mga) tambakan nang hindi kukulangin sa 150 talampakan ang layo mula sa mga kanal, lawa at poso.
- Gumawa at magpanatili ng mga buffer area.
- Gumawa ng tambakan sa ibabaw ng siniksik na lupa, sa malalaking lalagyan, o sa pad na gawa sa semento o aspalto.

Pagbaliktad

- Para maiwasan ang mga problema sa sakit at mapanatiling mataas ang temperatura, dapat na baligtarin ang mga tambak isang beses kada linggo.

Pagdidilig

- Kailangang panatilihing mamasa-masa ang kompost nang tulad ng pinigang sponge.
- Hindi dapat makalabas ng lugar ang pag-agos ng tubig.

! Mga Regulasyon ng Lalawigan na Nangangalaga sa Inyong Kalusugan, Tubig at Lupa

- Hinhingi ng ***Watershed Protection Ordinance*** o Ordinansa sa Pangangalaga ng Watershed ng Lalawigan na linisin ang dumi ng hayop nang hindi kukulangin sa dalawang beses kada linggo at gawing kompost o maitago ito sa paraang maiiwasan ang pag-agos ng tubig bago ang pagtatapon nito.
- Pinapayagan ang pagkokompost ng dumi ng kabayo sa Lalawigan ng San Diego bilang karagdagang gamit ng mga may-ari ng kabayong pangresidente.
- Maaaring gamitin ng mga may-ari ng bahay ang mga nagawang kompost sa kanilang lugar o ipamigay ito, pero hindi ito maaaring ibenta.

salamat sa paggawa ng inyong bahagi para pangalagaan ang ating mga daanan ng tubig.

COUNTY OF SAN DIEGO RECYCLING
IT'S IN OUR NATURE

Solana Center
FOR ENVIRONMENTAL INNOVATION

Para sa karagdagang impormasyon sa mga regulasyon, tumawag sa Department of Planning and Development Services ng Lalawigan sa (858) 694-2960.

Mga Resource

Pagrerecycle sa Lalawigan ng San Diego
www.wastefreesd.org | 1-877-R-1-EARTH (1-877-713-2784)

Sentro ng Inobasyong Pangkapaligiran ng Solana
www.solanacenter.org | (760) 436-4986 x700

THE NOBLEST MOTIVE IS THE PUBLIC GOOD · COUNTY SAN DIEGO · MDCCCLI

Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego 1-888-846-0800
watersheds@sdcounty.ca.gov | www.sandiegocounty.gov/stormwater

MARSO 2023